Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

Pagsisimula ng Pag-inom ng Gamot Laban sa HIV

Huling binago noong September 2003

Isang malaking disisyon ang magpasyang uminom ng mga gamot laban sa HIV. Ang mga ito ay may mga epektong mabuti at masama. Kadalasan, ang mga gamot na ito ay kinakailangang inumin habang buhay sa oras na masimulan. Makatutulong sa pagpapasya mo ang pagkuha ng impormasyon mula sa iyong doktor, parmasyutika at ibang taong may HIV.

Mga bentahe sa pag-inom ng gamot laban sa HIV:

- Mapananatili kang malusog o maibabalik ang dati mong kalusugan.
- Mapapahaba ang iyong buhay.
- Mapananatiling malusog ang iyong immune system, at bababa ang panganib na magkaroon ng mga sakit na nauugnay sa AIDS.
- Mababawasan ang pagkasira ng iyong immune system na sanhi ng HIV virus.

Mga di-kanais-nais na bagay na dulot ng pag-inom ng gamot laban sa HIV:

- Kailangang uminom ng maraming tabletas araw-araw sa mga takdang oras.
- May mga side effects na di-kanais-nais, o maaring makasama sa katawan.
- Maaaring mabago ang oras ng pagkain o pag-inom.
- Malalaman ng mga kakilala mo na ikaw ay umiinom ng mga gamot laban sa HIV.
- May mga pagkaing dapat iwasan at mga gamot na hindi maaaring inumin kasabay ng iniinom na mga gamot sa HIV.

Pag-isipan ang mga katanungang ito sa pagpili ng gamot laban sa HIV:

- Mayroon ka bang maayos na tirahan?
- Alam ba ng mga kasambahay mo na ikaw ay may HIV?
- May refrigerator ba sa tinitirhan mo?
- Kung nagtatrabaho ka, alam ba ng mga kasama mo sa trabaho na ikaw ay may HIV?
- Ang oras ba ng trabaho mo ay pare-pareho?
- Maaari ka bang maglagay ng gamot sa refrigerator sa pinagtatrabahuhan mo?
- Madali ka bang makakapunta sa toilet sa trabaho?
- Ikaw ba ay nakatira ng palagian sa iisang siyudad?
- Nakakalunok ka ba ng gamot nang walang problema?
- Nakainom ka na ba ng gamot laban sa HIV noong araw?
- Nakainom ka na ba ng ibang gamot nang regular?
- Regular ba ang pagtulog o paggising mo?
- Nakakakain ka ba araw-araw?
- Mayroon ka bang special diet?
- Makakainom ka kaya ng 8-12 basong tubig araw-araw?

Pagpapasiya sa kombinasyong nababagay sa iyong pangangailangan:

- Mahalagang inumin ang gamot nang tama at ayon sa hatol ng doktor, sa tama at regular na oras.
- Maaaring magkaroon ka ng problema sa pag-inom ng gamot laban sa HIV kung ang sagot sa alin man sa mga tanong sa itaas ay “Hindi”.
- Sa pag-uusap ninyo ng iyong doktor tungkol sa pag-inom ng gamot sa HIV, ang mga sagot mo ay maaaring makatulong sa iyong doktor sa pagbuo ng kung anong kombinasyon ng gamot ang nababagay sa iyong kalagayan. Magiging madali para sa iyo ang pag-inom ng gamot nang matagalan.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.